



# Gawain sa Pagpapatupad ng EPA sa Phillips 66 Carson, California Refinery Facility: Fact Sheet ng Impormasyon para sa Komunidad

Marso 2024

Ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay nag-imbetiga sa Phillips 66 refinery sa Carson, California kasunod ng pagkasunog noong taong 2019 sa pasilidad.

Noong Marso 15, 2019, ang Los Angeles Fire Department ay inabisuhan na mayroong sunog sa Phillips 66 refinery na pasilidad sa Carson, California. Walang mga naulat na napinsala, at walang naganap na ebakuwasyon. Kumuha ng mga sample ng hangin ang South Coast Air Quality Management District ng California sa parehong upwind at downwind ng planta. Ang sample testing para sa ilang mga air toxic ay natuklasang nasa normal na range maliban sa butane, isang volatile na organic compound, na natuklasan sa downwind ng pasilidad.

Ang Phillips 66 ay dapat sumunod sa mga batas na nagpoprotekta sa mga komunidad sa pamamagitan ng pag-iiwas sa aksidenteng pagpapalabas ng mga mapeligrong kemikal. Natuklasan ng EPA na ang kompanya ay hindi sumusunod sa mga requirement ng Clean Air Act upang matiyak na ang di sinasadyang pagpapalabas ng ilang mga mapeligrong substance ay hindi makakapagbanta sa kalusugan at kaligtasan ng mga pumapalibot na komunidad dito. Ang layunin ng aming trabaho ay iwasan ang mga aksidenteng pagpapalabas ng mga mapeligrong kemikal mula sa mga pasilidad, tulad ng Phillips 66 Carson Refinery. Ang fact sheet ay nagkakaloob sa komunidad ng Carson ng impormasyon tungkol sa gawain sa pagpapatupad ng EPA na may kaugnayan sa aktibidad.

## Malawakang pananaw sa Risk Management Program at Mga Plano

Ang mga kompanya na gumagawa, nagpoproseso, namamahala, at nagtatabi ng ilang mga regulated na lubos na mapeligrong substance, sa mga bilang na higit sa isang takdang limitasyon, ay dapat makabuo ng isang risk management plan tulad nang hinihiling sa ilalim ng tuntunin ng Risk Management Program (RMP) ng Clean Air Act. Ang layunin ng programa



*Pinagkuhanan ng impormasyon: LA Times 3/15/2019 edition*

### Risk Management Program (Programa para sa Pangangasiwa sa Posibilidad

Ang Risk Management Program ng EPA, na naitatag sa ilalim ng Clean Air Act ay humihiling mula sa amga kompanya na gumamit ng mga partikular na mapeligrong substance na gumawa ng isang plano upang maiwasan ang di sinasadyang pagpapasingaw o pagpapalabas.

Mayroong higit sa 100 kemikal na sakop sa ilalim ng programang ito. Plano ng kompanya na magkaloob ng mahalagang impormasyon sa lokal na bumbero, pulis, at emergency response personnel para makapaghanda at makatugon sa mga kemikal na emergency sa kanilang komunidad para maiwasan ang mga pinsala at pananakit sa publiko at sa kapaligiran.

ay iwasan ang di sinasadyang pagpapalabas ng mapanganib na mga substance at gawing mas ligtas ang mga komunidad.

Ang lahat ng mga may-ari at operator na kinakailangang sumunod sa tuntunin ay dapat magpatupad ng isang risk management program at mag-sumite ng plano sa EPA. Ang plano ay dapat na

1. Kumilala sa (a) posibleng mga epekto ng isang kemikal na aksidente at (b) mga hakbang na ginagawa ng kompanya para maiwasan ang isang aksidente, at
2. Idetalye ang mga pamamaraan ng pagtugon sa emergency kung may maganap na aksidente.


Ang lahat ng mga plano ng komunikasyon kapag may panganib ay available sa publiko. Makalipas na makabuo ang kompanya ng sarili nilang plano sa pasilidad, ito ay ibabahagi sa EPA at ang lokal na bumbero at pulisya, at iba pang mga organisasyon sa komunidad para makapaghanda at makatugon sa mga kemikal na aksidente at maayos ang komunikasyon at kamalayan tungkol dito.

Ang mga residente ng Carson, California at mga community group dito ay maaaring makakuha ng kopya ng Phillips 66 at iba pang mga plano sa pamamahala sa panganib, sa pamamagitan ng pagbisita sa isang natalagang pederal na reading room, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa [California Emergency Response Commission](#) sa (916) 845-8754 o sa [Region 1 Local Emergency Planning Commission](#) sa (310) 781-7000. At, sinuman ay maaaring makipag-ugnayan sa kompanya o may-ari ng pasilidad nang direkta upang makakuha ng impormasyon tungkol sa Risk Management Program, pero hindi kinakailanga sa ilalim ng batas na ibigay nila ang mga ito sa publiko. Mas maraming impormasyon tungkol sa mga pederal na reading room at mga risk management plan ay available sa katapusan ng dokumentong ito.

## Imbestigasyon ng Phillips 66 Carson Refinery

### Bakit Iniimbestigahan ng EPA ang Refinery na ito?

Ang Phillips 66 Carson refinery ay nagpoproseso ng krudong langis at nagtatabi ng ilang mga madaling magdingas na kemikal sa site nito. Noong Marso 19, 2019 may naganap na sunog kasunod ng isang naplanong maintenance sa isang pump at isinara ang Sepulveda Boulevard, isang pangunahing kalsada sa komunidad ng Carson. Ang inspeksyon noong Abril 15-18, 2019 ay nagpakita na ang pump ay mayroong isyu dati at masyadong nanginginig ito kapag ginagamit. Dati nang inayo ng Phillips 66 ang pump upang maayos ang problema sa pangininginig pero hindi ito nagsagawa ng pagsubok pagkatapos na ayusin upang matiyak na naayos talaga ang problema. Natuklasan ng Phillips 66 na ang mga pangininginig ay naging sanhi ng isang parte ng pump na di gumana at humantong sa sunog.



### Paano hindi nakasunod ang Phillips 66 sa Risk Management Program ng EPA sa Carson Refinery?

Natuklasan ng EPA ang hindi pagsunod sa mga requirement sa Risk Management Program sa Carson refinery, na tinutukoy na ang Phillips 66 ay hindi:

- Nagpapanatili ng wastong mga diagram at figure para sa mga tubo at mga instrumento sa planta;
- Nagtatag ng mga pamamaraan para sa pamamahala ng pagbabago para sa mga pagbabago at update sa equipment;
- Nag-update ng mga pamamaraan sa paggamit (operation) makalipas na magsagawa ng mga pagbabago sa refinery;
- Nagkaloob sa mga empleyado ng pagsasanay makalipas na magsagawa ng mga pagbabago sa ilang mga parte ng refinery;
- Ininspekyunan ang equipment nang regular tulad nang inirekumenda ng mga manufacturer at mabubuting mga pamamalakad sa engineering; at
- Inayos ang mga problema sa equipment at patuloy na ginamit ang mga equipment na may mga isyu.

## Ano ang ginagawa ng EPA sa di pagsunod sa Phillips 66 Carson Refinery?

### Ano ang Magagawa ng EPA Tungkol sa Di Pagsunod ng RMP

Kapag ang isang kompanya o tao ay lumabas sa isang environmental law o regulation, maaaring hilingin ng EPA mula sa kompanya na magbayad ng multa at tugunan ang mga kakulangan sa kanilang plano. Maaari rin magsampa ng mga kriminal na kaso ang EPA para sa malalaki at malubhang mga paglalabag sa mga

Ang EPA at ang Department of Justice ay kasalukuyang sumasailalim sa mga negosasyon sa Phillips 66 upang humantong sa isang kasunduan upang matugunan ang di pagsunod sa Carson refinery. Nalutas na ng Phillips 66 ay ilan sa mga napatang na di pagsunod ng EPA na natuklasan habang isinasagawa nito ang mga imbestigasyon, kasama na ang pagwawasto at pag-update sa ilang mga pamamaraan. Ang mga kilos na maaari naming gawin para sa di pagsunod ng kompanya ay kinasasangkutan ng mga civil penalty at mga requirement na dapat sundin ng refinery sa ilalim ng Clean Air Act Section 112(r).

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa EPA at sa Estado

Kung mayroon kang mga tanong, komento, o nais na humiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa imbestigasyon at gawain sa pagpapatupad sa Phillips 66 refinery sa Carson, California, mangyari lang magpadala ng email sa EPA sa [Phillips66case@epa.gov](mailto:Phillips66case@epa.gov).

Lokal na mga regulatory agency:

- [Los Angeles Fire Department Health Hazardous Materials Division \(HHMD\)](#)
  - Email: [AskHHMD@fire.lacounty.gov](mailto:AskHHMD@fire.lacounty.gov)
  - Telepono: (323) 890-4045
- [South Coast Air Quality Management District contact:](#)
  - Email: [webinquiry@aqmd.gov](mailto:webinquiry@aqmd.gov)
  - Telepono: (909) 396-2000

State regulatory agency:

- [California Environmental Protection Agency \(CalEPA\) California Accidental Release Prevention \(CalARP\) Program,](#)
  - Email: [CalARP@calepa.ca.gov](mailto:CalARP@calepa.ca.gov)

## Federal Reading Rooms

Ang [EPA's Federal Reading Room for RMPs web page](#) ay may impormasyon sa pagbibisita at lokasyon ng mga room na ito sa buong bansa. Maraming mga estado ay may maraming mga pederal na reading room, na ang iba ay pinamamahalaan ng EPA at ang iba naman ay pinamamahalaan ng DOJ.

Ang impormasyon sa mga reading room malapit sa Carson, California ay available mula sa [DOJ Chemical Hazard Information web page](#).